NANGUNGUNANG LINGGUHANG MAGASING PANTAHANAN SA BANSA

# LIWAYWAY

Hunyo 10, 2019



**NOBELA**

## "IKAW NA MUNA, MOMMY"

Ni EFREN ABUEG

**KUWENTO NG LINGGO**

## SILAKBO

Ni ARMANDO T. JAVIER

**KUWENTONG PAMBATA**

## ANG PALAYOK NI LOLA MEMANG

Ni KEVIN A. AMANTE

MANILA BULLETIN PUBLISHING

771165 698142
SSN 1656-98-14

# Rachel Alejandro

EESM BOOKSTORE
Telefax (02)905-2351 / 930-9728
CP# 09052849354

pang magkatrabaho o makabili ng kahit ano, atbp. Basahin – Manila Bulletin Advertisements & Classified Ads

# MGA NILALAMAN

I-like kami sa aming facebook page: www.facebook.com/liwayway.magazine


## NOBELA

6 **"Ikaw Na Muna, Mommy" (3)**
*Efren Abueg*

9 **Saka Na Lang Kita Mamahalin(11)**
*Neri Jedeliz*

12 **Higit Na Matibay (26)**
*Armando T. Javier*

## KUWENTO

4 **Silakbo**
*Armando T. Javier*

## KUWENTONG PAMBATA

14 **Ang Palayok Ni Lola Memang**
*Kevin A. Amante*

## LATHALAIN

16 **Pagsusuri Sa Primaryang Batis: Si Andres Bonifacio, Ang Katipunan At Ang...**
*Joel Costa Malabanan*

18 **Paano Nalalaman Kung Committed Sa Isa't Isa Ang Nagpaplanong Mag-Asawa?**
*Lilia Borlongan-Alvarez*

## KOMIKS

28 **Sa Mundong Iyon... (38)**
*Perry C. Mangilaya / Donato Santos*

31 **Ako At Ako Lamang (59)**
*Elena M. Patron-Delos Angeles / Rico Rival*

34 **Huwad Na Kagandahan**
*Tamil Valloso / Alfred C. Manuel*

38 **Doro Dora**
*William Contreras*

## TULA

40 **Ang Mga Mangangaso**
*Victoria Carlos*

## KOLUM

19 **Epektibong Pagtuturo**
*Pat V. Villafuerte*

20 **Buklat/Mulat**
*Dr. Eugene Y. Evasco*

22 **Haraya**
*Dr. Michael M. Coroza*

24 **Agrikultura**
*Zac B. Sarian*

36 **Magluto Tayo**
*Mareng Lena*

36 **Balik-Tanaw Sa Kasaysayan**
*Boy A. Silverio*

## SHOWBIZ

26 **Rachel Alejandro At Raymond Bagatsing,...**
*Maricris V. Nicasio*

27 **Ruben Soriquez, Mapapanood Sa Pelikulang General Commander Ni Steven Seagal**
*Nonie V. Nicasio*

## LIBANGAN

37 **Pag-Usapan Natin!**
*Kuya Sam*

37 **Astrolohiya**
*Madame Sharona*

38 **Palaisipan**
*Jose Marie Gallego*


38 **Math Puzzle**
*Rosemarie Adaya*

38 **Magtawanan Tayo!**
*Eric S.B. Libre*








# SILAKBO




**PARANG** apoy na gumapang sa buong Pitong Gatang ang balitang dinakip ng mga pulis si Marietta.

Muling pinagpistahan ng may mga makakating dila ang pinakahuling pangyayari sa barangay. Tulad din ng pagtsismisan nila, pagtaasan ng kilay at kutyain ang kanilang biyudang kapitbahay may limang buwan na ang nakakaraan.

"Ano ba 'yan? At ang bata ng bagong asawa...!"

"Mahilig talaga sa bagets si Marietta! Di ba 'yung dating boypren n'yan e halos kapatid na lang n'ya?"

"'Yung dating asawa din naman...!"

"Iba talaga'ng kamandag ni Marietta...!"

Tawanan. Umagang-umaga'y inaalmusal ng mga tsismosa sa tindahan ang buhay nang may buhay.

"Ssshhh. Ayan na. Hatid pa ng bagong asawa. Kwayet kayo..."

Patungong palengke nga si Marietta kasabay ni Lando, mamimili ng mga sangkap sa lulutuin niyang meryenda--kakanin: turon, *banana cue, camote cue,* na si Marietta rin ang matiyagang naglalako. Si Lando, tutuloy naman sa pilahan ng *jeep* para magtawag ng pasahero.

Napalingon si Marietta sa umpukan sa harap ng naraanang tindahan. Kahit may hinuha siya na siya na naman ang pinagtsitsismisan, nagpatay-malisya na lamang siya. Katwiran niya, hindi naman maibibigay ng mga tsismosang ito ang kaligayahang naibibigay sa kanya ni Lando. Lalo't si Lando sa edad na beinte-singko ay kalakasan pa. E, ano ba kung mukha silang mag-nanay? Pakialam ba nila!

Naghiwalay sila ni Lando sa sangandaang patungong palengke at patungong bayan. Humalik pa si Lando sa kanyang pisngi bago tumungo sa pilahan.

"Uwi ka nang maaga, beybs," pahabol ni Marietta.

"Oo naman, beybs!"

Tila lumalakad na naman sa alapaap ang pakiramdam ni Marietta habang patungong palengke. Kailangang makarami siya ng bentang meryenda sa maghapong iyon para maaga rin siyang makauwi at makapagpahinga, makapag-ayos sa sarili para paghandaan ang pag-uwi ni Lando sa gabi. Ipaghahanda niya ito ng paboritong alak, ipagluluto ng pulutan, at pagkatapos, sa *date* nila sa higaan. Kinilig si Marietta. Sa naisip, namalagi ang ngiti sa kanyang labi.

NOBELA

# Higit Na Matibay

Ni ARMANDO T. JAVIER

**(IKA-26 LABAS)**

NAMALAGING nakahilig sa kanyang balikat ang ulo ni Zeny. Ilang minuto. Pagkuwa'y tumuwid ito nang upo, pinahid ng palad ang luhang nangilid pa sa mga mata, nilingon siya at tila nahihiyang ngumiti.

"S-Sori, Janno, naging emosyonal na naman ako..."

"Okey lang..."

Tumindig si Zeny, nagtungo sa *ref*, kumuha ng pitsel ng tubig, nagsalin sa isang baso at dalawang beses na uminom. Nilapitan niya.

"Okey ka na?"

Tumango. Muli niyang hinawakan sa kamay si Zeny, pinisil, saka pumihit na para bumalik sa kanyang kuwarto. Nagpa-*thank you* uli sa kanya, gumalaw ang labi nang walang tinig.



Bisita ni Jonna si Ambet nang dumating siya roon. "Pare," sabi nito sa kanya. Yumukod at ngumiti si Janno.

Nasa *folding bed* na siya nang marinig niya ang pagpanhik ni Zeny; maya-maya, muli siyang nakarinig nang pababang mga yabag. Hinihinala niyang kay Zeny pa rin, tila patungo naman sa banyo. Maliligo. Magpapapresko. At ewan kung bakit, tila nakaramdam siya ng panghihinayang na hindi humiling ng *kiss* si Zeny habang magkadikit ang mga katawan nila kanina.

May ilangan pa rin sa mag-inang Aling Elsie at Zeny. Kay Janno, natural na lamang. Nagkairingan ang mag-ina, kinakapa pa ang isa't isa. Pero pagdating kay Toby, tila kapwa maamong tupa ang dalawa.

Nang magsimula ang klase, natoka kay Aling Elsie ang paghahatid at pagsundo sa apo. Kung may miting naman ang mga magulang, sumasaglit sa eskuwelahan si Zeny, saka babalik sa parlor; humahangos, naghahabol ng hininga dahil may mga naghihintay na kostumer. Ang iba'y magpapa-*rebond*, ang ila'y magpapa-*highligths*.

Sa pakikipagtsikahan sa kostumer, minsang nabanggit kay Zeny, "Ba't wala kayong *manicure, pedicure* dito? Imbes na sa iba pa kami magpagawa, sana'y dito na rin..."

Naikuwento naman sa kanya ni Zeny. Kay Janno, dagdag na kita rin sa parlor.

# Rachel Alejandro at Raymond Bagatsing, tampok bilang Aurora at President Manuel Quezon sa *Quezon's Game*

**Ni MARICRIS VALDEZ-NICASIO**



MALAKING *challenge* para kina Rachel Alejandro at Raymond Bagatsing ang pelikulang *Quezon's Game* na nagsimula nang ipalabas noong May 29.

Si Raymond ang nagbigay-buhay sa karakter ni Manuel Luis Quezon habang si Rachel naman ang gumanap na asawa niyang si Aurora.

Makikita sa Quezon's Game ang isang napakahalagang *chapter* sa buhay ng dating Presidente ng Pilipinas, na hindi raw natin mababasa sa mga *history books*. Ang proyektong ito ay *joint venture* ng Star Cinema, ng ABS-CBN's *streaming service* na iWant, at ng *international film company* na Kinetek Productions.

Ang pelikula ay nangyari noong 1938, habang nakaamba ang giyera kontra Hitler, mapapanood sa pelikula si Pres. Quezon *collaborating with future* U.S. Pres. Dwight Eisenhower at iba pang mga kilalang personalidad sa politika upang sagipin ang libo-libong Jewish *refugees* mula sa *ghettos* ng Austria at Germany para maiwasan ang Holocaust.

Sa ngayon, dalawampu't tatlong *awards* na sa iba't ibang bansa ang napapanalunan ng naturang pelikula. At masasabing hindi biro ang bilang ng mga karangalang iyon.

Nauna nang ipinalabas sa iba't ibang *international film festival* ang Quezon's Game kaya agad itong umani ng maraming *awards* tulad ng Best Foreign Film sa WorldFest Houston International Filmfest at tatlong Gold Remi Awards para sa Best Art Design, Best Producers, at Best Director na si Matthew Rosen. Binigyan din ng pagkilala (Excellence in Acting) sa Cinema Worldfest Awards sa Ottawa, Canada sina Raymond at Rachel para sa pelikulang Quezon's Game.

Kapwa dumaan sa *auditions* sina Raymond at Rachelle para sa nasabing *award-winning historical film*.

Aminado si Raymond na nakaramdam siya ng takot sa pagkakakuha sa kanya para sa naturang papel at magkahalong nerbiyos at *excitement* daw ang *challenge* na naranasan niya rito.

"Quezon's Game *is a film inspired by the president's open-door policy to welcome the displaced Jews, chronicles the challenges and the triumph of that political and moral undertaking*," wika ni Raymond.

*"This story could happen again, and I think it's a good time to show this to remind people the horrors of what happened if you close your borders and if you don't treat all men as equal,"* dagdag pa ng *award-winning actor*.

Ayon naman kay Rachel, *"My role as* President Quezon's *wife was not handed to me on a silver platter. Like Raymond, I had to audition for the part. And thank God, I got it. And filming it, proved an ultra nice experience to remember."*

Inamin naman ni Rachel na talagang napaiyak siya habang binabasa ang *script* ng pelikula. *"When people are determined to do the right thing regardless of consequences, miracles can happen.*

*"It's such a relevant thing to this day, because some countries are inward-looking now. Its like, 'Us first.' There's so much of that message going around,* na parang, 'Tayo muna, *before helping others,'"* aniya pa.

Banyaga ang direktor nitong si Rosen at nabanggit niyang dapat na maging *proud* ang mga Filipino sa naging mahalagang papel sa kabanatang ito ng kasaysayan na matutunghayan dito.

Bukod kina Raymond at Rachel, kasama rin sa pelikula sina David Bianco, Paul Holme, Billy Ray Gallion, at James Paolelli. Gayondin sina Audie Gemora bilang Vice Pres. Sergio Osmeña.

# ANG MGA MANGANGASO

Matalas ang inyong pakiramdam habang nag-aabang
Ng mga ligaw na hayop sa masukal na kagubatan.
At sa biglang alingawngaw ng inyong baril
Ay may titimbuwang na isang baboy-ramo.
Sa harap ng pambihirang hapunang nakahain,
Bumabalik ang sigla ng inyong mga isipan at pakiramdam.

May mga umagang bumababa kayo sa kabundukan
Upang maghanap ng mga taong kakalinga sa inyo.
At sa unang bahay na masusumpungan sa daan,
Naroon ang paghingi ninyo ng paumanhin sa maybahay.
Sa mainit na pananghaliang inihain sa inyo,
May panginginig ang mga kamay sa pagdakot ng kanin,
At paghigop ng mainit na sabaw ng tinolang manok.

Hindi pa rin kayo sumusuko sa inyong mga ipinaglalaban.
Mandirigma pa rin kayo laban sa mga mapang-api sa lipunan.
Mahigpit pa rin ang inyong kapit sa mga sinimulang simulain.
Patuloy pa rin kayong naninindigan sa inyong mga prinsipyo.
Patuloy pa rin kayong nakikipaghabulan at nakikipagtaguan,
Sa kabundukan laban sa mga katunggaling mangangaso.
Kahit may banta at nakaumang ang bitag ng kamatayan.

**- VICTORIA CARLOS**

